【Pangpreserbang bersyon】 タガログ語

# Paraan ng pagggamit ng Kard sa pagkukumpirma ng kaligtasan ng sariling pamamahay (Wagaya no anpi kakunin kado)

（Nilikha noong Abril,2023(Reiwa 5)

## Ano nga ba ang Kard sa pagkukumpirma ng kaligtasan ng sariling pamamamahay



・**Kailan gagamitin？** ⇒ Kapag nagkaroon ng malakas na lindol at baha

・**Saan？** ⇒ Bawat lugar（Asosasyon ng sariling pamamalakad・Kapisanan ng Kapitbahayan(Jichikai・Chonaikai) saan kukumpirmahin ang kaligtasan .

・**Paano？**⇒ Sulatan ng impormasyon ng pamilya at pagkatapos isumite sa kawani ng Asosasyon ng sariling pamamalakad・Kapisanan ng Kapitbahayan.

Sa pagkakaroon ng napamalaking sakuna,una natin gawin ang paglikas tungo sa tinakdang (emergency) evacuation site.
Kasunod nito,magpunta tayo sa bawat napagpasyahan lugar ng Asosasyon ng sariling pamamalakad・Kapisanan ng Kapitbahayan na pagkukumpirmahan ng kaligtasan kapag inalis na ang Large Tsunami Warning at iba pa.
At sa mga oras na iyon upang mas mapabilis ang pagkukumpirma ng kaligtasan at maiwasan ang masikip at mataong kalagayan gamitin natin ang「Wagaya no Anpi Kakunin Kado」.

**◎Sa tuwing may maganap na sakuna,ang impormasyong ito ay kapaki-pakinabang sa aktibidad ng paghahanap ng taong hindi matiyak ang kaligtasan.**

## Halimbawa ng pagsulat

Kard sa pagkukumpirma ng kaligtasan ng sariling pamamahay (Wagaya no anpi kakunin kado)

| | | |
|---|---|---|
| Yaizu Dai-○ Jichikai ( △ ku)<br>Dai- □ Chonaikai × kumi | | ※Susulatan bahagi ng kawani (Gagamitin sa pagtanggap atbp.)<br>Numero ng pagtanggap 1 |
| Pangalan (※Taong nagsumite) | Herman Ibarra C. Reyes | Araw・Oras ng Pagsumite |
| Matatawagan numero (※Taong nagsumite) | □□□－□□□□－□□□□ | (Reiwa) 5/Taon 4/Buwan 1 /Araw 17(oras)：00(minutos) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Kabuohang bilang ng Pamilya・Kasapi ng Sambahayan | 4 tao | Taong kumpirmado ang kaligtasan | Matanda Hustong edad | 1 tao |
| | | | Mag-aaral ng Senyur Haiskul | tao |
| Bilang ng pamilyang hindi kumpirmado ang kaligtasan※ **Isulat ang malinaw na detalye sa ibabang bahagi.** | 1 tao | | Mag-aaral ng Junyor Haiskul | 1 tao |
| | | | Mag-aaral ng Elementariya | 1 tao |
| Kalagayan ng bahay / □ Matitirahan □Parsyal giba □Kompletong Giba | | | Batang hindi nag-aaral | tao |

**Patungkol sa pamilyang hindi matiyak ang kaligtasan** ※Kapag may taong hindi makumpirma ang kaligtasan,mangyaring isulat dito.

| PANGALAN | KASARIAN | EDAD | Ibang impormasyon na nais ipaalam |
|---|---|---|---|
| Maria Clara M. Reyes | Babae | 45 anyos | · Hindi maugnay mula noong lumabas gamit ang bisikleta para mamili<br>·Karaniwan ay malusog ang pangangatawan<br>·May dala-dalang cellphone |
| | | anyos | |
| | | anyos | |
| | | anyos | |
| | | anyos | |

## Tanong at Sagot

**Ｑ１．Sa mga karaniwang araw paaano ko dapat ingatan ito?**

⇒Ａ１．Ilagay sa mga lugar tulad ng loob ng emergency bag o bandang pintuan para madala sa ito sa ating paglikas.

**Ｑ２．Paano ito pinamimigay? Ano ang dapat gawin kapag mawala ito?**

⇒Ａ２．Pinamimigay ito sa pamamagitan ng Asosasyon ng sariling pamamalakad・Kapisanan ng Kapitbahayan sa tinitirhang lugar.
Kapag nawala niyo ito mangyaring makipag-ugnayan sa Asosasyon ng sariling pamamalakad ・ Kapisanan ng Kapitbahayan o tanggapan ng Seksyon ng Prebensyon ng Sakuna sa Lokalidad ng Yaizu city (Chiiki Bosai-ka).

【Matatawagan】Yaizu city Seksyon ng Prebensyon ng Sakuna sa Lokalidad (Yaizu-shi Chiiki Bosai-ka)
Telepono：054-623-2554 E-mail：tiikibousai@city.yaizu.lg.jp